PHILIPPINE RESEARCH/RESOURCE FILE
ASIA COLLECTION
UNIVERSITY OF HAWAII LIBRARY

pahayag

Vol. 4 No. 72 **TONDO DAGAT-DAGATAN DEVELOPMENT PROJECT ** AGOSTO 23, 1978

48 SQ.M. PARA SA BAWAT NASUNUGAN

Lahat ng nasensus na may-ari ng istruktura sa Superblock 1, 2 at 3 (tingnan ang mapa sa ibaba) ay pagkakalooban ng halos pantay-pantay na sukat ng lote--mga 48 metro kwadrado.

Ito ay maisasagawa ng National Housing Authority matapos sumailalim sa proyektong reblocking ang nasabing pook na nasunugan.

Kasali sa benepisyari ng proyekto ang lahat ng nasensus na may-ari ng istruktura (censused structure owner) noong 1974 na naninirahan sa sakop ng daang Moriones sa hilaga, boundary ng panukalang R-10 sa kanluran, ng Lakandula sa timog at ng Kagitingan sa silangan.

Sa pagkakaloob ng halos unipormadong sukat ng lote, ang NHA ay umaasang mabigyan ng kanya-kanyang lote ang maraming naging biktima ng sunog.

Binigyang-diin ng awtoridad na dahil sa naganap na kalamidad, hindi na isang batayan sa pagtatakda ng sukat ng lote ang kasalukuyang okupadong lote (present occupied lot) ng bagong tayong istruktura.



Maalala na maraming ulit, partikular ang isyu ng PAHAYAG noong Abril 14 at Mayo 19, 1978, na nagpalabas ng babala ang awtoridad laban sa konstruksyon ng konkreto o solid structures sa pook ng sunog. Ito, ayon pa sa tagubilin, ay kailangang sundin upang makaiwas ang sino man sa problemang maaari niyang kaharapin pagdating ng oras na isasaayos na ang mga ito.

Sino mang interesado o dili kaya'y may katanungan ukol sa reblocking ay maaaring makipag-alam sa alin mang Composite Team na nakatalaga sa kani-kanilang bloke. Gayundin, lahat ng apektado ay inaanyayahang magpa-beripika ng kanilang sensus sa tanggapan ng NHA-TFDDP, Don Bosco Compound.

Samantala, nakatakda sa susunod na mga araw ang pagbisita ng NHA sa lugar na apektado. Layon ng gagawing pagbisita na matukoy at maalis ang mga ilegal na istrukturang natayo matapos ang sensus noong Agosto, 1974. Hinggil rin dito, nakiusap ang Awtoridad sa mga kinauukulan na magkusa nang magbaklas o lumikas at huwag nang hintayin pang dumating ang demolition team ng NHA.

Kaugnay pa rin dito, pinasabihan ng NHA ang lahat nang sumuway sa patakarang nagbabawal ng pag-gamit ng adobe at semento (heavy materials) sa pag-kumpuni o pag-gawa ng kanilang tirahan, na magsipaghanda ngayong isasailalim sa reblocking ang kanilang lugar. Dagdag pa rito, pinagpayuhan ng Awtoridad ang mga nagsilabag na kusang mag-baklas, mag-tapyas o mag-alis ng kanilang ilegal na istruktura, nang walang pananagutan sa panig ng Tanggapan. Kung hindi magkukusa ang mga kinauukulan ay mapipilitan ang NHA na magsagawa ng kaukulang aksyon sa lalong madaling hinaharap.

###